ISSN 0117-4428

UGNAYAN

Tatlong Buwanang Lathalain ng Extension Services, Cavite State University, Indang, Cavite

TOMO XXI BILANG 1 ENERO-MARSO 2023

Mga Nilalaman

Pagsasanay sa GAD para sa mga FITS Center, isinagawa ng ES 3

Pagsasanay sa GAD para sa mga FITS Center, matagumpay na naisagawa 4

TGP worksyap ng FITS Centers, MS, isinagawa 5

CvSU, nakiisa sa Ika-114 taong selebrasyon ng UPLB 6

IP RECIPE 2023, isinagawa ng CvSU-Imus 7

Extension Coordinators' Consultation, isinagawa 7

ES, nagsagawa ng worksyap at re-orientation para sa mga Extension Coordinator 8

Royal Botanic Gardens Researcher, bumisita sa Dasmariñas 8

Pagpupulong ng SPRINT Center sa DOST-FPRDI, MBOCC, isinagawa 9

CAS-DComm, nagsagawa ng Consultative Meeting, Community Needs Assessment sa Mendez 10

Amparo, dumalo sa pagpupulong ng ATI-CALABARZON 10

ES, nakibahagi sa Magallanes Farmers' Month Celebration 11

CvSU-ES, dumalo sa ika-36 na anibersaryo ng DA-ATI 12

CvSU-Imus, lumahok sa 117th Founding Anniversary Exhibit and Trade Fair 13

Agricultural Trade Fair-Night Market, inilunsad sa Imus 13

CON, namahagi ng libreng serbisyong pangkalusugan sa isinagawang Exhibit and Trade Fair 14

Bailen's Trade Fair, dinaluhan ng ES 15

Proyekto para sa Amuyong Elementary School, sinimulan na 15

CvSU, ipinagdiwang ang 117th Founding Anniversary Exhibit and Trade Fair

Ni Hana D. Mahilum

Opisyal na pagbubukas at ribbon cutting ng exhibit and trade fair

Idinaos ng Cavite State University (CvSU) ang ika-117 taong anibersaryo ng pagkatatag at ika-25 taon bilang unibersidad na may temang "*SHINE CvSU: Tiwala at Malasakit sa Isa't isa para sa mas Maningning na CvSU*" noong ika-20 hanggang 24 ng Marso.

Nagsilbing panauhing pandangal at tagapagsalita sa pagbubukas ng programa si Dr. Prospero "Popoy" de Vera III, *Chairman* ng Commission on Higher Education (CHEd) na ginanap noong ika-20 ng Marso sa International Convention Center (ICC), CvSU.

Dagdag pa, opisyal ding binuksan ang *exhibit and trade fair* na pinamahalaan ng Extension Services (ES) at ginanap sa Softball Field, CvSU, kung saan ang *ribbon-cutting* ay pinangunahan ni Dr. Hernando D. Robles, *President* ng unibersidad at mga *Vice President* na sina Dr. Camilo A. Polinga ng Administrative and Support Services; Dr. Mary Jane D. Tepora ng Planning and Development; Dr. Melbourne R. Talactac ng Rese arch and Extension, pati na rin si Dr. Almira G. Magcawas, *Director* ng ES, at si Dr. de Vera III,

Isa sa naging sentro ng pagdiriwang ang *exhibit and trade fair* na dinaluhan ng halos *Sundan sa p. 2*

ES, nagsagawa ng pagsasanay para sa pagdiriwang ng *Women's Month*

Ni Razelle A. Astudillo

Sa pakikipagtulungan ng College of Agriculture, Food, Environment and Natural Resources (CAFENR), pinamahalaan ng Extension Services (ES) ang pagsasanay na may temang "*Community Development for Women through Sustainable Agricultural Practices*" na ginanap bilang selebrasyon ng *women's month* noong ika-29 ng Marso sa Technology Demonstration Farm (TDF), Training Hall, Cavite State University (CvSU). Ito ay ukol sa agrikultura kung saan inimbitahan ang mga kababaihan na miyembro ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) mula sa bayan ng Indang. Layunin ng pagsasanay na ipabatid ang pagkakapantay-pantay ng babae at lalaki sa aspeto ng agrikultura at kasanayan, bigyang kakayahan ang mga kababaihan sa aspeto ng pagtatanim, bigyang pagkakataong kumita *Sundan sa p. 4*

CvSU, ipinagdiwang ang ...

mula sa p. 1

Technology Forum: Sektor ng Agrikultura/Palaisdaan, G. Allan M. Tibayan at G. Joshua Franchoise Clark Ener R. Villaluz bilang tagapagsalita

limampung (50) *exhibitors* kabilang ang mga Research, Development, and Extension (RDE) *units*: Research Center (RC), ES, Knowledge Management Center (KMC), National Coffee Research, Development and Extension Center (NCRDEC), Sugar Palm Research, Information, and Trade (SPRINT) Center, Makapuno Research and Development, Innovation and Resource Center (MRDRIC), Bee Research, Innovation, Trade, and Extension (BRITE) Center, CvSU-Agri-Aqua Technology Business Incubator (ATBI), Science for Convergence and Tourism (SciCAT) AVENUES, Gender and Development Resource Center (GADRC), Southern Tagalog Agriculture, Aquatic and Resources Research, Development and Extension Consortium (STAARRDEC); mga kolehiyo: College of Agriculture, Food, Environment, and Natural Resources (CAFENR), College of Arts and Sciences (CAS), College of Criminal Justice (CCJ), College of Engineering and Infrmation Technology (CEIT), College of Medicine (COM), College of Nursing (CON), College of Sports and Physical Education and Recreation (CSPEAR), Alumni Affairs; mga kampus: Cavite City, General Trias City, Imus, Naic, Silang, Tanza, Trece Martires City, CCAT; partner agencies: Farmer's Information and Technology Services (FITS) Centers ng Cavite, Bank of the Philippine Islands (BPI), Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON, Department of Science and Technology (DOST) CALABARZON, Department of Trade and Industry (DTI) Cavite, Provincial Cooperative, Livelihood & Entrepreneurial Development Office (PCLEDO), at iba pa: Smart Communications at Globe Telecom.

Bilang bahagi ng *exhibit and trade fair*, isinagawa ang *technology forum* mula ika-21 hanggang 23 ng Marso, na opisyal na sinimulan sa unang araw at agad na ibinahagi ni G. Allan M. Tibayan, Siyentistang Magsasaka (MS) ng FITS Naic, ang kanyang kaalaman sa paksang "*Zero Tillage Technology*" habang tinalakay naman ni G. Joshua Franchoise Clark Ener R. Villaluz, *Agricultural Technologist* ng FITS Bacoor ang "*Backyard Fish Farming*". Bilang pagtatapos, nag-iwan ng mensahe bilang inspirasyon sina G. Tibayan "*ang taong hindi magbabago, hindi lalago*" at G. Villaluz "*huwag tayo mangarap ng mataas, mangarap tayo ng malal*im".

Matapos ang unang araw ng *forum*, pinamahalaan ng CAFENR ang *training workshop* sa Biosystem Automated Food Composition Analysis na itinataguyod ng BioSystem Costa Brava Barcelona, Spain, na naglalayong magbahagi ng mga *insight* sa mga *processor*, mag-aaral, at mananaliksik sa *automated nutrition* at *food composition analysis.*

Sa ikalawang araw, tinalakay ni Engr. Si Gee Jay C. Bartolome, *Assistant Professor*, ng CCAT *campus* ang paksang "*Mga Trend sa Agri-Aqua Research and Extension Landscape*" samantalang si G. Aries M. Gelera, *Instructor* at *Chairman* ng Department of Computer Studies, CCAT *campus*, ay nagbigay kaalaman tungkol sa "*The Future of Mapping Teknolohiya*". Hinikayat ng mga tagapagsalita ang mga mag-aaral na bisitahin ang mga *booth* upang maging pamilyar sa mga produkto at teknolohiyang ipinakikilala sa mga yunit, kolehiyo, at kampus ng unibersidad.

Pinangunahan naman ni Dr. Patrick Glenn C. Illano, *Manager* ng Hostel Tropicana at *Head* ng Research and Production Division, MRDRIC, ang huling araw ng *forum* sa pagbabahagi at pagpapakita sa pagbuo ng mga produktong gawa sa makapuno sa paksang "*Baking Demonstration: Makapuno Confections*". Ang tatlong araw na aktibidad ay naglalayong lumikha ng kamalayan at palaganapin ang mga teknolohiya na bunga ng pananaliksik ng RDE, gayundin ang pagpapakilala ng mga angkop na teknolohiya sa sektor ng agrikultura, engineering/ICT,

Sundan sa p. 3

Technology Forum: Sektor ng Engineering/ICT, Engr. Gee Jay C. Bartolome at G. Aries M. Gelera bilang tagapagsalita

Pagsasanay sa GAD para sa mga FITS Center, isinagawa ng ES

Ni Razelle A. Astudillo

Mga dumalo sa birtwal na pagsasanay

Nang maisagawa ang Training Needs Assessment (TNA), kinalap ang mga naging tugon mula sa mga respondente ng FITS at Local Government Units, Cavite (LGU) sa ilang paksang tumatalakay sa Gender and Development (GAD) ang naging batayan sa pagbuo ng serye ng pagsasanay na may layuning isulong ang kamalayan sa usaping GAD, paigtingin ang kakayahan ng mga kawani ng pamahalaang lokal, at palawigin ang adbokasiya ng pagkakapantay-pantay.

Sa tulong ng Gender and Development Resource Center (GADRC), bumuo ng pagsasanay ang Extension Services (ES) hinggil sa GAD para sa mga Farmer's Information and Technology Services (FITS) *Center* ng Cavite, kung saan nahati ito sa tatlong serye ng pagsasanay. Ang unang sesyon ay naganap noong ika-26 Enero sa pamamagitan ng Zoom.

Tinalakay ni Bb. Raecel A. Estebat, *Officer-in-charge* ng GADRC Planning, Monitoring, and Evaluation, ang *Gender Sensitivity at Gender Fair Language*, upang ipaliwanag ang kahalagahan ng paggamit ng wastong salita sa pagpapabatid ng pagkakapantay-pantay ng babae at lalaki. Dagdag pa, ibinahagi rin ang pagkakaiba ng "*sex* at *gender*" at "*equality* at *equity*", na hindi basehan ng kakayahan at estado sa buhay ang kasarian, kultura, komunidad, at kapaligiran.

Dinaluhan ang unang sesyon ng apatnapu't dalawang (42) tagapakinig na binubuo ng mga FITS *Center Manager*, *Technical Services Support Staff*, *Information Services Support Staff*, at Siyentistang Magsasaka (MS) na mula sa iba't ibang FITS *Center*.

Samantala, naganap naman noong ika-28 ng Pebrero at ika-16 ng Marso ang pangalawa at pangatlong bahagi ng pagsasanay ng GADRC.

CvSU, ipinagdiwang ang ...

mula sa p. 2

at *livelihood*. Nakibahagi naman si Dr. Robles kasama ang iba pang mga VP sa seremonya ng paggagawad ng mga sertipiko sa *exhibit and trade fair* noong ika-24 ng Marso.

Narito ang mga *exhibitors* na nagwagi at nakatanggap ng sertipiko ng pagkilala: People's Choice Award, CCJ; Top Seller Award, FITS General Trias City; Best Booth sa kategorya ng kolehiyo/kampus/yunit: SPRINT (3rd place), CvSU-Trece (2nd place), SciCAT AVENUES (1st place); Best Booth sa kategorya ng partners: FITS Indang (3rd place), FITS OPA Cavite (2nd place), DA-ATI CALABARZON (1st place).

Kabilang sa mga naging *evaluators* ay sina Bb. Lorna C. Matel, dating *Head* ng Community Engagement at External Relations Division ng ES at dating *Deputy Consortium Director* ng STAARRDEC; Dr. Pia Rhoda P. Lucero, *Director* ng Insitution and Development Office (IDO), CvSU; Ms. Vilma E. Constante, miyembro ng Board of Regents, CvSU, Alumni Affairs, at dating *Assistant* ng Provincial Agriculturist, OPA Cavite.

Samantala, ang iba pang aktibidad sa isang linggong pagdiriwang ay ang Gawad Laya at Diwa – Gabi ng Parangal, Students Convocation, Mass Demonstration, KABSUHENYO Night, Baratilyo at Night Market, Health and Wealth Fair, Art and Photo Exhibits, Faculty and Employees Sports Festival, Partners' Gabi, at Alumni Loyalty Day.

Nagbigay ng pangwakas na pananalita si Dr. Talactac, kasabay ng pasasalamat at pagkilala sa buong komite para sa matagumpay na pagdiriwang ng pamantasan.

Mula kaliwa-kanan: Dr. Mary Jane D. Tepora, VP ng Planning and Development, Ms. Lolita G. Herrera, VP ng Business Affairs, Dr. Melbourne R. Talactac, VP ng Research and Extension Services, Dr. Hernando D. Robles, CvSU President, Dr. Camilo A. Polinga, VP ng Administrative and Support Service, during the awarding and closing ceremony

Larawang kuha habang isinasagawa ang Cooking demonstration, Dr. Patrick Glenn C. Ilano bilang tagapagsalita

Pagsasanay sa GAD para sa mga FITS Center, matagumpay na naisagawa

Ni Razelle A. Astudillo

Ikalawa (kaliwa) at ikatlong sesyon (kanan) ng GAD Training para sa mga FIT Center staff

Matagumpay na naisagawa sa magkasunod na buwan sa loob ng unang kwarter ng 2023 ang dalawang seryeng pagsasanay ng Gender and Development (GAD) para sa mga empleyado at kawani ng Farmers Information and Technology (FITS) *Center*.

Mula sa unang sesyon na ginanap noong ika-26 ng Enero, ipinagpatuloy ang mga sumunod na talakayan at naging posible sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng GAD Resource Center.

Sa ikalawang serye, tinalakay ni Dr. Susan G. Tan, *Director* ng GADRC, ang GAD *law and policies* noong ika-28 ng Pebrero. Kasama sa mga tinalakay ang batas ukol sa *Anti-Sexual Harassment Act of 1995 (RA 7877)* at *Act Defining Gender-Based Sexual Harassment (RA 11313)*, upang ipaliwanag ang mga posibleng kaparusahan at lebel kung paano malalaman na ang isang biktima ay nasa sitwasyon ng pang-aabuso. Kaakibat din ng batas na ito ang *Act Defining Gender-Based Sexual Harassment (RA 11313)* na nagbibigay impormasyon sa "*Safe Space Act*", na kahit saan mang lugar sa kalye, sa pampubliko, *online*, at mga institusyong pang-edukasyon at pagsasanay, ay mainam na mag-ingat. Binigyang diin din ang mga hakbanging pangproteksyon para makaiwas sa pang-aabuso at mga nakatakdang kaparusahan.

Ibinahagi rin ang *Anti-Violence Against Women and Their Children Act of 2004 (RA 9262)* na tumatalakay sa proteksiyon at pag-aalis ng lahat ng uri ng diskriminasyon para sa mga kababaihan at kabataan. Gayundin ang *Anti-Trafficking Act (RA 10364)*, batas na nagpalawig sa *RA 9208* ukol sa pag-aalis ng bentahan o paggamit ng mga kababaihan at kabataan sa ilegal na gawain.

Samantala sa huling sesyon ng pagsasanay, binigyang kaalaman at kahusayan ang mga kawani ng FITS *Center* tungkol sa *Orientation in Gender Mainstreaming, Preparation of GAD Plan and Budget* at *Preparation of Accomplishment Report*, sa pangunguna ng tagapagsanay na si Bb. Raecel A. Estebat, *Officer-in-charge* ng GADRC Planning, Monitoring, and Evaluation noong ika–16 Marso.

Tinatayang nasa limampu't apat (54) ang dumalo sa naturang mga sesyon kabilang ang mga kawani ng FITS *Center*, mga magsasaka siyentista, at iba pang empleyadong mula sa pamahalaang lokal ng Cavite.

Kapansin-pansin ang dedikasyon at interes ng bawat dumalo kung kaya't nasabing naging matagumpay ang aktibidad dahil sa kaalaman at kamalayan sa usaping GAD.

ES, nagsagawa ng ... *mula sa p. 1*

Grupong kuha kasama ang tagapagsanay at mga kalahok sa pagsasanay

pamamagitan nang pagtatanim, at bigyang kasanayan ang mga kalahok para sa pang-araw-araw na pamumuhay. Tinalakay ni Prof. Edgardo A. Gonzales, *Chairperson* ng Department of Crop Science-CAFENR, kung saan tinalakay niya ang paksa ukol sa pagpili ng pananim, kalendaryo ng pagtatanim, paghahanda ng lugar taniman, paglalagay ng pataba, pagtatanim, irigasyon, pag-aalaga ng pananim, at pag-aani. Dinaluhan ng apatnapu't tatlong (43) ang nasabing pagsasanay na mula sa mga miyembro hanggang sa lider na mga magulang ng 4Ps.

Nagkaroon ng ibang tema ang pagsasanay dahil iniikot ang mga dumalo sa lugar taniman para maging pamilyar sa mga uri ng pananim at makilala ang iba't ibang teknolohiya o paraan nang pagtatanim na matatagpuan sa TDF.

TGP worksyap ng FITS Centers, MS, isinagawa

Ni Paula Gie C. Ducusin

Mga kawani ng FITS Centers, mga Magsasaka Siyentista, Extension Services at DA-ATI CALABARZON

Pinangunahan ni Bb. Bernadette S. Amparo, Techno Gabay Program (TGP) Cavite *Leader* at G. Gabriel A. Arubio, *Private Sector Representative* ng Board of Regents (BOR), Cavite State University (CvSU), ang pagpupulong para sa mga Farmer's Information and Technology Services (FITS) *Center* at Magsasaka Siyentista (MS) noong ika-30 ng Marso.

Dinaluhan ito ng mga iba't ibang FITS *Center* ng Cavite: OPA Cavite, Maragondon, Alfonso, Imus, Dasmarinas, Tanza, Amadeo, Naic, Mendez, Magallanes, Bacoor, General Emilio Aguinaldo (GEA), General Trias, General Mariano Alvarez (GMA), at Trece Martires City (TMC).

Inimbitahan din sa nasabing pagpupulong ang mga tagapamahala ng FITS at *Information Services Specialist* (ISS) ng bawat *center*, kung saan dumalo rin si Bb. Janine L. Cailo, *Information Officer II* ng DA-Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON at nagbahagi ng kasalukuyang estado ng mga aktibidad at proyekto ng TGP.

Ilan sa mga paksa na napag-usapan sa pulong ay ang pagpapasa ng mga *report* at datos ng kani-kanilang nagawa sa loob ng nakalipas na anim (6) na buwan o *semi-annual report*, pagrerekomenda ng mga bagong MS at karagdagang FITS *Centers* at FITS *Kiosks*, pagrerekomenda ng Off Campus Demo Farm na ibinahagi ni Dr. Almira G. Magcawas, *Director* ng Extension Services (ES), ang mga nalalapit na *seminar* at pagsasanay na pangungunahan ng ATI CALABARZON, pagsulat at pagbabahagi ng mga aktibidad o proyekto na itatala sa UGNAYAN *newsletter*, paghahanda para sa darating na TGP Summit 2023, at iba pa.

Sa pangunguna ni Bb. Lorna C. Matel, isa sa mga naging *evaluators*, nagkaroon rin ng sertipiko ng parangal bilang motibasyon sa mga FITS *Center*. Kabilang sa mga nakapagsumite ang Indang, Amadeo, Naic, TMC, Dasmariñas, Bacoor, at OPA Cavite. Makalipas ang halos dalawang taong dinanas na pandemya, nagkaroon ng pagkakataong makapagsagawa ng mga aktibidad sa paraan ng *face to face*. Sa huli, muling pinasalamatan ang mga nakilahok sa nagdaang 117th Founding Anniversary Exhibit and Trade Fair ng CvSU.

Tara na! Sa CvSU Agri-Eco Tourism Park

CvSU, nakiisa sa Ika-114 taong selebrasyon ng UPLB

Ni Hana D. Mahilum

Dumalo ang Cavite State University (CvSU) bilang *exhibitors* sa pagdiriwang ng University of the Philippines Los Baños (UPLB) ng ika-114 na anibersaryo ng pagkakatatag nito na may temang "*Breaking Barriers: Community, Connectivity, Collaboration*" noong ika-6 hanggang 10 ng Marso sa UPLB Baker Memorial Hall.

Sa pamamagitan ng UPLB Technology Transfer and Business Development Office (TTBDO), inimbitahan ang CvSU na magbahagi at ipakilala ang mga teknolohiya, produkto, programa, at serbisyo. Ilan sa mga yunit ng ating unibersidad na dumalo ay ang mga sumusunod: Extension Services, National Coffee Research, Development and Extension Center (NCRDEC), Knowledge Management Center (KMC), Innovation and Technology Support Office (ITSO), at Sugar Palm Research, Information, and Trade (SPRINT) Center.

CvSU booth at mga produktong itinampok sa exhibit

Itinampok at itinanghal ng CvSU ang mga produkto tulad ng Aguinaldo Blend Coffee na may apat na klase, *liberica-based*, *antioxidant-enriched*, *naturally sweetened*, at *original blend*; Severino's kaong *sugar* at kaong *vinegar*; Seco Lao-Lao, French-style Bangus, Tahong sa Sarsa Ystilo de Chabacano, Gourmet de Tanza; Hebrews Coffee, CapeCat, Nicolos Coffee, at Lita's naturally grown hibiscus at blue tea; Ang dalisay na pulot ni Don Severino, at iba pa. Ito ay mula sa iba't ibang kolehiyo, kampus, at yunit ng unibersidad, CvSU-Agri-Aqua Technology Business Incubator (ATBI) *incubatees*, *partners,* at *adopters* ng CAS Bee Program.

Samantala, sa isang linggong pagdiriwang, iba't ibang aktibidad ang nagtaguyod ng pagtutulungan ng akademikong komunidad, mga yunit ng pamahalaang lokal, mga pribadong kompanya , at ilang industriya na mula sa buong rehiyon.

UPLB Chancellor Jose Camacho, Jr. (kaliwa) at Dr. Nathaniel C. Bantayan, Vice Chancellor for Research and Extension (kanan)

IP RECIPE 2023, isinagawa ng CvSU-Imus

Ni Elvira P. Pakingan

Isinagawa ng Cavite State University-Imus (CvSU-Imus) *campus* ang *intellectual property* (IP) *seminar* worksyap na pinamagatang "*IP RECIPE 2023*" at may temang "*Pagkilala sa Mahusay, Malikhain at Makabagong Ideya sa Pamamagitan ng Patenting Endeavour*" noong ika-12 ng Enero sa CvSU-Imus *conference room*.

CvSU-Imus kasama ang CvSU-ITSO staff sa ginanap na IP RECIPE 2023

Layunin ng IP *seminar* worksyap na ito na maging kaagapay ng mga miyembro ng *faculty* sa *patenting application* sa pamamagitan ng IP *orientation*, *training on patent search*, *prior art search*, at *patent drafting*.

Sa pangunguna ni Dr. Alfe M. Solina, *Chairperson* ng Department of Management at pangangasiwa ni Dr. Marlon A. Mojica, *Campus Administrator*, pinamahalaan nina G. Cromwell R. Cabalu, *Campus Research Coordinator*, Gng. Elvira P. Pakingan, *Campus Extension Coordinator,* at sa koordinasyon ni Dr. Teddy F. Tepora, *Head* ng IP Management Division ng CvSU.

Tinalakay ni Dr. Tepora ang mga paksang "*Introduction to Intellectual Property* at *"IP Ignite 2023*", isang IP *management orientation seminar* at *patent search lecture* at *workshop campus caravan*, habang ibinahagi ni Prof. Sheryl D. Fenol, *Associate Professor* ng College of Engineering and Information Technology (CEIT), ang mga paksa tungkol sa *patent search* at *prior art search*.

Dinaluhan ang nasabing gawain na ito ng mga guro mula sa iba't ibang kagawaran tulad ng Department of Biological and Physical Sciences, Department of Entrepreneurship, at Department of Computer Studies.

Sa pagtatapos ng worksyap, ibinahagi ng mga *faculty member* ang kanilang mga *patent search* bilang batayan para sa aplikasyon.

Extension Coordinators' Consultation, isinagawa

Ni Nancy M. Eugenio

Sa pangunguna ni Dr. Almira G. Magacawas, *Director* ng Extension Services (ES), nagsagawa ang opisina ng pagpupulong kasama ang mga Extension *coordinators* mula sa iba't ibang *campus*, kolehiyo, at yunit ng Cavite State University (CvSU) noong ika-12 ng Enero.

Mula kaliwa-kanan: Litratong kuha nila G. Joselito F. Ersando (ES), G. Jose Carlo R. Diaz (CEIT), at ES Director Almira G. Magcawas, habang sumasangguni ang CEIT noong ika-12 ng Enero

Kabilang sa mga sumangguni sa ES ang mga *coordinator* na sina G. Jeffrey P. Romera ng College of Sports, Physical Education and Recreation (CSPEAR), G. Jose Carlo R. Dizon ng College of Engineering and Information Technology (CEIT), para sa kanilang mga isasagawang mga programa at proyekto.

Kasalukuyang naghahanda para sa *chess tournament* ang CSPEAR, samantalang ang CEIT naman ay abala sa pagpaplano para sa mga bago nitong proyekto.

Sundan sa p. 9



Pagpupulong kasama ang CvSU-Carmona noong ika-12 ng Enero

ES, nagsagawa ng worksyap at re-orientation para sa mga Extension Coordinator

Ni Joselito F. Ersando

Sa pangunguna ng Monitoring and Evaluation Division (MED), isinagawa ng Extension Services (ES) ang worksyap at *re-orientation* para sa mga *extension coordinators* ng iba't ibang kolehiyo, *campus*, at mga sangay na nagpapatupad ng mga gawaing pang-ekstensyon noong ika-13 ng Marso sa *conference room* ng Southern Tagalog Agriculture, Aquatic and Resources Research, Development and Extension Consortium (STAARRDEC).

Dr. Almira G. Magcawas kasama ang mga Monitoring and Evaluation Division staff ng Extension Services

Dinaluhan ng labindalawang (12) babae at anim (6) na lalaking *extension coordinators* ang nasabing aktibidad, na naglalayong matugunan ang mga mahahalagang impormasyong kailangan para sa serbisyo na ipinaabot sa mga benepisyaro ng mga serbisyong pang-ekstensyon. Nagsimula ang nasabing gawain sa pamamagitan ng pagpapakilala ng bawat kalahok at ang mga naging karanasan nila sa pagiging isang *extension coordinator*, kung saan ayon sa mga dating *extension coordinator* na nakiisa, marami na silang karanasan sa pagsasagawa ng gawaing pang-ekstensyon, samantalang ilan naman sa kanila ay baguhan pa lamang. Tinalakay ni Dr. Almira G. Magcawas, *Director* ng ES ang *Terms of Reference* ng mga *extension coordinator*, gayundin ang *strategic plan* mula taong 2023-2028.

Dagdag pa niya ang *operational plan* para sa taong 2023 at iba't ibang *performance measurement* gaya ng Performance Base Bonus (PBB), ISA, SUC Levelling, ISO, QS STAR, kung kaya't kailangang baguhin ang nilalaman ng *quarterly report form* para maiayon ang lahat ng mga datos na para sa *Performance Measurement* na nabanggit. Tinalakay din niya ang RDE *agenda* at proseso nito. Tinalakay din ni Dr. Magcawas ang kalagayan ng kanilang mga programa at proyektong pang-ekstensyon gayundin ang kanilang mga *Memorandum of Agreement.*

Napagkasunduan sa nasabing pagtitipon na magsusumite ng *quarterly report* tuwing ika-5 ng susunod na buwan makatapos ang isang kwarter. Samantala, ibinahagi din ang mga datos na kailangan para sa Research and Extension Data Ecosystem for Effective Management (REDEEM).

Royal Botanic Gardens Researcher, bumisita sa Dasmariñas

Nina Jennifer S. Ibayan & Crisencio P. Austria Jr.

Bumisita sa City Agriculture Office ng Dasmariñas si G. Rafal Gutaker, *Research Leader* ng Royal Botanic Gardens mula sa United Kingdom, kasama ang mga kawani ng Department of Agriculture Agricultural Program Coordinating Office (DA APCO) at DA Cavite Agricultural Research and Experiment Station (CARES) noong ika-5 ng Enero .

Staff ng DA APCO at DA CARES kasama si G. Rafal Gutaker at kanyang maybahay, at ang City Agriculturist na si Ms. Jennifer Ibayan ng City Agriculture Office ng City of Dasmariñas

Matagumpay na nakapangolekta si G. Gutaker ng ilang barayti ng palay matapos ang kanyang maikling panayam sa grupo ng magsasaka na kilala bilang Katipunan ng mga Lehitimong Magsasaka at Mamamayan sa Lupang Ramos o KASAMA-LR ng Barangay Langkaan 1, Dasmariñas.

Ito ay naglalayong tignan ang *genetic*, *metagenomic*, at *nutritional diversity* ng mga palay sa lungsod gamit ang DNA at *nutrient analysis*, pag-aanalisa ng mga *sample* na nakapreserba sa Royal Botanic Gardens bilang *herbarium specimens*. Ang mga ito ay nakuha mula sa Dasmariñas na may higit isang daang taon na ang nakalipas at ikukumpara sa kasalukuyang mga barayti ng palay sa parehas na lungsod.

Ibinahagi ng banyagang siyentista ang kanyang kaalaman at pagiging ekspertong mananaliksik partikular sa pagpapalay tulad ng kung paano paramihin ang kaunting binhing palay. Dagdag pa, inaasahan ang pagbalik ni G. Gutaker upang mas mapalalim ang kanyang pagsisiyasat sa palay na higit na makatutulong hindi lang sa mga magsasaka, pati na rin sa ibang siyentista.

Pagpupulong ng SPRINT Center sa DOST-FPRDI, MBOCC, isinagawa

Ni Jhon Laurence B. Herrera

Courtesy call kay Dr. Hernando D. Robles, presidente ng Cavite State University kasama ang mga kawani ng DOST-FPRDI at G. Junser P. Magpantay, direktor ng SPRINT Center

Nakipagpulong ang Sugar Palm Research, Information, and Trade (SPRINT) Center sa dalawang organisasyon: Department of Science and Technology-Forest Product, Research, Development Institute (DOST-FPRDI) at Magallanes Business Owners Cooperative (MBOCC), Magallanes, Cavite noong ika-15 ng Marso sa Cavite State University (CvSU).

Dinaluhan ang nasabing pagpupulong ng limang tauhan mula sa DOST-FPRDI na pinangunahan ni Dr. Loreto A. Novicio, Bb. Aralyn L. Quintos, at G. Jefferson Rey M. Roxas, mga mananaliksik mula sa Technology Innovation Division, at apat na miyembro mula sa MBOCC, kung saan layunin nito na ipahayag ang inisyatiba ng CvSU upang palawigin ang potensyal na gamit ng kaong.

Tinalakay ni G. Junser P. Magpantay, direktor ng SPRINT Center, ang gampanin ng kanilang opisina na isulong ang *sustainable*, *equitable*, at *environment-friendly* na industriya ng kaong. Dagdag pa, ipinahayag din niya ang iba't ibang mga gamit at kahalagahan ng kaong.

Ayon sa pagpupulong, kasalukuyang isinasagawa ng DOST-FPRDI ang proyektong pinamagatang "*Development of High-Value Products Derived from Senile Sugar Palms (Arenga pinnata [Wurm.] Merr.)*", kung saan ang SPRINT Center ay magbibigay ng 20 *senile* na puno ng kaong na gagamiting materyales sa proyekto.

Bilang pagtatapos ng pulong, ginanap ang isang *courtesy call* kay Dr. Hernando D. Robles, presidente ng CvSU. Binigyang pansin din ang maitatag ang *structured* at *sustainable* kaong *farming practices*, na sisiguraduhin ng SPRINT Center ang mga tulong na maaaring ibigay para sa mga miyembro ng MBOCC, at pagpapaunlad ng kabuhayan sa komunidad sa pamamagitan ng pagbuo ng trabaho.

Samantala, nagkasundo ang SPRINT Center at dalawang nasabing organisasyon, na magkaroon ng *Memorandum of Agreement*, upang mas mapagtibay ang mga isasagawang proyekto na may kinalaman sa kaong.

Mga miyembro ng MBOCC kasama si G. Junser P. Magpantay, direktor ng SPRINT Center

Extension Coordinators' Consultation...

mula sa p. 7

Naganap naman noong Ika-26 ng Enero ang birtwal na pagpupulong kasama si Gng. Janine B. Bacosmo, Extension Coordinator ng CvSU-Carmona, kung saan tinalakay ang mga karagdagang komento para sa pagrerebisa ng kanilang extension proposal.

Bukod sa pagsubaybay ng mga proyekto sa extension, ang ES ay nakaagapay sa mga campus, kolehiyo, at yunit para sa mga gawaing pang-ekstensyon.

Mula kaliwa-kanan: Litratong kuha nila G. Jeffrey P. Romera (CSPEAR), Gng. Nancy M. Eugenio (ES), Gng. Bernadette S. Amparo (ES), at ES Director Almira G. Magcawas, habang sumasangguni ang CSPEAR noong ika-12 ng Enero

CAS-DComm, nagsagawa ng Consultative Meeting, Community Needs Assessment sa Mendez

Ni Racquel G. Agustin

Mula kaliwa-kanan: G. Rommer James Sta. Maria (Municipal Planning and Development Officer), Bb. Kimberly P. Babaan (LGOO VI), G. Ronald Rhey E. Perey (Chief of Staff), Prof. Lisette D. Mendoza, Prof. Allan Robert C. Solis, Prof. Ruby A. Manaig, Prof. Racquel G. Agustin at Prof. Erica Charmane B. Hernandez

Isinagawa ng Department of Communication of the College of Arts and Sciences (CAS-DComm) ang *consultative meeting* para sa mga *extension stakeholder* sa munisipyo ng Mendez, Cavite noong ika-27 ng Marso.

Pinag-usapan sa nasabing pagpupulong ang pagsasakatuparan ng *extension project* ng Kagawaran na MagDyaryo Tayo 2.0 sa ilalim ng *extension program* na KOMUNI-AKSYON: Epektibong Komunikasyon Tungo sa Kolektibong Aksyon at ang iba pang mga nakahaing plano para sa mga gawaing pang-ekstensyon ng Kagawaran.

Kasabay nito ay nagsagawa din ng *Community Needs Assessment* ang mga *faculty extensionist* ng DComm sa pamamagitan ng panayam sa mga opisyal ng pamahalaang lokal at sarbey sa mga kinatawan ng mga barangay sa Mendez.

Kasama sa pagpupulong sina G. Ronald Rhey E. Perey, *Chief of Staff*, G. Rommer James Sta. Maria, *Municipal Planning and Development Officer*, Bb. Kimberly P. Babaan, LGOO VI, mga kinatawan ng LGU-Mendez, at ang mga *faculty extensionist* ng DComm na pinangungunahan ni Prof. Lisette D. Mendoza kasama sina Prof. Racquel G. Agustin, Prof. Allan Robert C. Solis, Prof. Ruby A. Manaig, at Prof. Erica Charmane B. Hernandez.

Inaasahang maisasagawa ang kolaborasyon sa pamamagitan ng CAS-DComm at LGU-Mendez ngayong Ikalawang Semestre, Taong Panuruan 2022-2023.

Amparo, dumalo sa pagpupulong ng ATI-CALABARZON

Ni Paula Gie C. Ducusin

Bilang *Leader* ng Techo Gabay Program (TGP) sa Cavite, kaakibat ni Bb. Bernadette S. Amparo ang tungkuling aktwal na pagdalo para sa unang konsultasyon at pagpupulong sa Agricultural Training Institute (ATI) noong ika-30 ng Enero sa barangay Lapidario, Trece Martires City, Cavite.

Kaagapay si Bb. Lorna C. Matel, TGP *Consultant*, kanilang ibinihagi kina Bb. Janine L. Cailo, *Information Officer II* at Bb. Maridelle G. Jaurige, *Chief* ng Information Services Section ng DA-ATI CALABARZON ang mga mungkahi para sa TGP.

Ilan nito ay ang taunang rekomendasyon at ebalwasyon ng mga bagong Magsasakang Siyentista (MS) sa bawat FITS *Centers* ng Cavite, pagkakaroon ng mga makabuluhang *seminar*, at pagsasanay para sa mga miyembro ng FITS *Center* na angkop sa napapanahong ganap sa *social* media.

Binanggit din ang distribusyon ng mga *IEC materials* upang mas mapalawak pa ang pag-abot ng mga mahahalagang impormasyon sa komunidad lalo na sa mga magsasaka.

Nabanggit din ang taunan selebrasyon ng TGP Summit upang mas mapaghandaan ng mga bawat FITS *Center* ang kanilang tagubilin sa pagpapasa ng mga *reports* at datos na magsisilbing instrumento sa pagbuo ng dokumento *Sundan sa p. 11*

ES, nakibahagi sa Magallanes Farmers' Month Celebration

Nina Paula Gie C. Ducusin & Ivy Rose D. Faigane

Noong ika-25 ng Enero, matagumpay na naisagawa ang unang Farmers' Month Celebration sa bayan ng Magallanes na naglayong isulong at ipakilala ang iba't ibang lokal na produkto ng Magalleño at magtipon-tipon ang mga asosasyon sa pagsasaka, at mga kooperatiba.

Sa pangunguna si Engr. Freddie D. Sisante, *Municipal Agriculturist* at FITS *Center Manager*, pormal na binuksan ang programa na dinaluhan ng iba't ibang kawani ng munisipalidad maging ilang kawani mula sa mga *partner agencies*.

Inimbitahan din sina Bb. Bernadette S. Amparo at Bb. Paula Gie C. Ducusin ng Cavite State University-Extension Services (CvSU-ES), upang maging kaagapay sa pagkuha ng mga ilang detalye at litrato; maging si Bb. Raecel A. Estebat, *Officer-in-charge* ng GADRC Planning, Monitoring, and Evaluation, bilang moderator sa nasabing programa.

Dalawampu't dalawa (22) na samahan ng mga magsasaka ang nakibahagi sa mga aktibidad at patimpalak: Magallanes Samahang Magsasaka ng Kay-Apas at Medina Agriculture Cooperative, Pacheco Agrarian Reform Cooperative, Sabang Vegetable Farmer Association, Magallanes Corn Growers Association, Magallanes Cacao Growers Association, Tua Coffee Growers Association, Ramirez Irrigators Association, Kaytigbak Irrigators Association, Samahang Magsasaka ng Medina, Baliwag Coffee Farmers Association, Kayhabol Irrigators Association, Maangyo Irrigators Association, Magallanes Pineapple Producers Association, Samahan ng Modernong Magniniyog ng Magallanes, Barangay Urdaneta Farmers Association, Samahan ng Magasasaka ng Bagong Urdaneta, KAANIB, Urdaneta Irrigators Association, Taste, Endulge, Know, Magallanes Entrep. Food Processors Association, Magallanes Association of Sustainable Livestock and Poultry Producers Inc., Barangay Tua Farmers Agriculture Cooperative, at San Agustin Farmers Association.

Mga kawani ng Munisipalidad ng Magallanes

Nairaos ang nasabing selebrasyon dahil na rin sa mga iba't ibang patimpalak gaya ng Bahay Kubo Contest, Tractor Decoration Contest, Ginoo at Ginang Magsasaka, Value Added Agricultural Products Contest. Samantala, dumalo rin si *Sundan sa p. 12*

Amparo, dumalo sa ... *mula sa p. 10*

Aktwal na pagpupulong ng kawani ng Extension at ATI ukol sa Techno Gabay Program

na layuning mabigyan ng halaga at maipakita ang mga mahahalagang programa na kanilang naisagawa sa loob ng isang taon. Samantala, tinalakay din ang "*benchmarking*" o lakbay aral para sa mga MS, kung saan magkaroon sila ng pagkakataon makapunta sa iba't ibang *farm* sa rehiyon at madagdagan ang kanilang kaalaman sa mga bagong teknolohiya na may kaugnayan sa pagsasaka.

CvSU-ES, dumalo sa ika-36 na anibersaryo ng DA-ATI

Ni Hana D. Mahilum

Dr. Maningas kasama ang mga kawani ng CvSU-ES

Inimbitahan ang Cavite State University-Extension Services (CvSU-ES) sa pagdiriwang ng Ika-36 na Founding Anniversary ng Department of Agriculture-Agriculture Training Institute (DA-ATI), na may temang "*ATI LEADS: Innovate, Transform, Empower Embracing Extension Modernization for a Progressive and Sustainable Agriculture and Fisheries*" noong ika-31 ng Enero sa Barangay Lapidario, Trece Martires City (TMC), Cavite.

Naglahad ng pambungad na mensahe si Dr. Rolando V. Maningas, *Center Director* ng DA-ATI CALABARZON at nagbahagi rin ng kanyang karanasan sa nasabing kagawaran . Nagpaabot din ng mensahe sina Gng. Maria Teresa Bergado, kinatawan ni Hon. Mayor Gemma B. Lubigan ng TMC, Engr. Ana Pamela G. Nova, *Assistant Provincial Agriculturist* ng Cavite; G. Felix Joselito H. Noceda ng Agricultural Program Coordinating Office (APCO) Cavite. Samantala, nagbigay din ng mensahe ng pagsuporta sina *Officer-in-charge Director IV* ng DA Agricultural Institute, Dir. Remelyn R. Recoter, MNSA, CESO III at *Senator* Cynthia A. Villar. Tampok sa nasabing pagdiriwang ay ang mga *seminar* at mga teknolohiya ng Urban Agriculture na dinaluhan ng mga ES *staff* at iba't ibang Farmer's Information Technology Services (FITS) Center: FITS OPA, FITS General Trias City, FITS Tanza, FITS Naic, FITS Trece, at iba pa. Dagdag pa, tatlong *seminar* ang naganap, una na rito ang "*Paggawa ng mga Organikong Pataba*" na pinangunahan ni G. Mervin B. Vitangcol, *Training Specialist I* ng DA-ATI CALABARZON. Pinamunuan naman ni Gng. Janine L. Cailo ang pangalawang *seminar* na may pamagat na "*Paggawa ng mga Natural na Pestisidyo*" at ang panghuling *seminar* na "*Paghahalaman Gamit ang Tubig*" ni G. John M. Mendoza ng Republic of the Philippines-Agricultural and Biosystems Engineering (RPABE) at *Program Management Officer* ng DA-ATI CALABARZON.

Dinaluhan ang nasabing aktibidad ng Buklod-Unlad Multi-purpose Cooperative, Pacheco Agrarian Reform Cooperative, Yakap at Halik Multipurpose Cooperative, General Trias Dairy Raisers Multi-purpose Cooperative, Daine 1 and 2 Association Inc., and DA-ATI CALABARZON's Extension *partners*. Samantala, isinagawa ang KADIWA *retail selling* bilang bahagi ng pagdiriwang.

ES, nakibahagi sa ...

mula sa p. 11

Dr. Lilibeth P. Novicio, *Project Leader* ng Science for Convergence and Tourism (SciCAT) AVENUES bilang hurado sa ilang kategorya, kasama sina G. Felix Joselito H. Noceda ng Agricultural Program Coordinating Office (APCO) Cavite.

Ilan sa mga premyo na ipinamahagi ay ang dalawang baka at limang biik mula sa LGU-Magallanes, isangdaang pirasong *heritage chicken* mula kay G. Arnold Rogador, Magsasaka Siyentista ng Alfonso, limang libong halaga ng *gift certificate* mula sa Jollibee Foods Corporation, at ilang *cash prizes* mula sa mga pribadong negosyante sa kanilang bayan.

Ilan sa mga Magsasakang Magalleños na nakabihagi sa selebrasyon

CvSU-Imus, lumahok sa 117th Founding Anniversary Exhibit and Trade Fair

Ni Elvira P. Pakingan

CvSU–Imus booth displayed Fashionable bayong bags

Lumahok sa *exhibit and trade fair* ang Cavite States University-Imus (CvSU-Imus) *campus*, bilang bahagi ng selebrasyong 117th Founding Anniversary na may temang "*SHINE CvSU: Tiwala at Malasakit sa Isa't isa para sa mas Maningning na CvSU*" mula ika-20 hanggang 24 ng Marso sa Softball Field ng CvSU. Pinamunuan ng *Campus Administrator* na si Dr. Jenny Beb F. Espineli ang paglahok sa pamamagitan ng Extension Services (ES) Office na pinamumunuan naman ni Bb. Elvira P. Pakingan. Ipinakita ng CvSU-Imus ang mga produkto ng mga mag-aaral ng Enterprise Development Project (EDP) ng Department of Entrepreneurship sa gabay ni G. John Joseph P. Villa. Kabilang sa mga ipanakita ay ang mga *fashionable* bayong *bags* na ginawa ng Bureau of Jail Management and Penology (BJMP) Imus City Jail *male* at *Female Dormitory*, isa sa katuwang na ahensya, sa tulong nina JO2 Jayson A. Mancera, Unit WDO, and JO1 Neco C. Rendon. Sa pamamagitan ng aktibidad na ito, natulungan ang mga BJMP Person Deprived of Liberty (PDL's) sa bawat pagtangkilik ng kanilang produkto upang kumita at makatulong sa kanilang pamilya sa labas ng kulungan. Maraming guro, estudyante, at iba pang mga bisita ang nagbigay ng kanilang suporta sa nasabing gawain.

Agricultural Trade Fair-Night Market, inilunsad sa Imus

Ni Prescilda D. Igtiben

Alinsunod sa mga programa ni G. Alex A. Advincula, punongbayan ng Imus, Cavite, nagsagawa ng Agricultural Trade Fair-Night Market ang tanggapan ng City Agriculture Services Office/ Farmers Information and Technology (FITS) Center at sa pakikipagtulungan ng City Tourism Office noong ika-10 ng Marso sa Plaza ng Imus.

Pinangunahan ito ni G. Hertito V. Monzon, *Officer-in-Chief* (OIC) ng City Administrator, kasama sina Dr. Emmanuel R. Paredes, OIC ng City Tourism and Development Office, G. Christian Rey O. Sison, *Assistant Department Head* ng City Tourism Office, G. Robert R. Marges, *City Agriculturist*, kasama ang mga *staff*, at magsasaka ng nasabing lungsod, na naglalayong maiangat muli ang antas ng magsasaka at matulungan sa pagbebenta ng kanilang mga produkto na mayroong tamang presyo. Dagdag pa, anim (6) na grupo ng mga magsasaka na nagmula sa iba't ibang barangay ng Imus: PABTAMIC Farmers Association, Lakas Magsasaka, Gintong Pamana, Pasong Buaya Farmer Association, Imus Vegetable Growers Association, Cavite Lettuce Headz, at Gov. DM Elementary School. Binigyan diin ni G. Monzon, ang buong suporta ni G. Advincula sa mga magsasaka at sa iba't ibang samahan ng nasabing tanggapan.

Si OIC City Administrator Hertito V. Monzon habang nagbibigay ng mensahe sa opening ng Agricultural Trade Fair-Night Market kasama sina City Agriculturist Robert R. Marges, Dr. Emmanuel Paredes-OIC City Tourism Office at mga Pastor na nagmula sa tanggapan ng City Chaplain

Si Hertito V. Monzon (gitna) OIC City Administrator, kasama sina City Agriculturist Robert R. Marges at Dr. Emmanuel R. Paredes - OIC Tourism Officer habang nagsasagawa ng pagbibigay ng Token/ Souvenir sa lahat ng mga exhibitor

CON, namahagi ng libreng serbisyong pangkalusugan sa isinagawang Exhibit and Trade Fair

Ni Ederlyn P. Destura

Nagbigay ng mga libreng serbisyong pangkalusugan ang College of Nursing (CON), Department of Medical Technology (DMT) at Department of Midwifery (DM), bilang pakikiisa at pakikibahagi sa isinagawang *exhibit and trade fair* sa pagdiriwang ng 117th Founding Anniversary ng Cavite State University (CvSU) noong ika-20 hanggang 24 ng Marso sa Softball Field ng CvSU.

Nagtulong-tulong ang mga *faculty member, staff,* at *volunteer student* upang maisagawa nang maayos at makapagbigay ng tulong, payong medikal, at pagkuha *blood pressure* maayos na sa lahat ng mga nangangailangan.

Naglaan din ang DMT ng libreng *diagnostic* at *laboratory tests* tulad ng *blood typing, platelet count, urinalysis, hepatitis screening, complete blood count, clotting time,* at *bleeding time*. Samantala, namigay naman ng polyeto, babasahin para sa pagbubuntis at pagpaplano ng pamilya, at wastong pag-aalaga ng mga sanggol at kabataan ang DM .Nagkaroon din ng libreng *ear piercing* para sa mga sanggol.

Sa loob ng limang araw na pagsasagawa ng mga aktibidad, nakapagtala ng 1,177 na indibidwal ang nabigyan ng pagpapayong medikal at mga *IEC materials*, 977 indibidwal naman ang nabigyan ng libreng *laboratory tests*, at 399 indibidwal naman ang nabigyan ng mga produkto para sa pagpaplano ng pamilya.

Sa kabuuan, tinatayang nakapagbigay donasyon ang buong kolehiyo ng 176,761 pesos sa unibersidad bilang pakikibahagi sa layunin ng pamantasan na makapagbigay ng serbisyong pangkomunidad.

Libreng Blood Pressure taking at pagpapayong pangkalusugan para sa mga nais magpakonsulta

Pagtanggap ng sertipiko ng pagkilala para sa pakikibahagi sa isinagawang Trade Fair ng College of Nursing

Pamamahagi ng mga libreng babasahin at polyetong may kinalaman sa kalusugan, wastong pag-aalaga ng sanggol, breast self-examination at testicular self-examination

Pagbabahagi ng libreng laboratory tests tulad ng hepa screening, blood typing, CBC, platelet count, clotting time, at bleeding time

Bailen's Trade Fair, Dinaluhan ng ES

Nina Ma.Clarissa Galvan & Paula Gie C. Ducusin

Nagdaos sa bayan ng General Emilio Aguinaldo sa pangunguna ni Bb. Andrea Dimapilis, *Municipal Agriculturist* at FITS *Manager*, at G. Gabriel A. Arubio, Siyentistang Magsasaka (MS) ang kanilang Cultural Week Celebration na may temang "*Produktong Bailen Trade Fair 2023, Sariling Atin, Tangkilikin*" noong ika-6 hanggang 12 ng Pebrero.

Dinaluhan at nakibahagi sa nasabing programa ng mga kawani mula sa mga *partner* na ahensya at ilan rito ay sina Bb. Bernadette S. Amparo, Techno Gabay Program *Leader* ng Cavite State University-Extension Services (CvSU-ES) at Bb. Lorna C. Matel, dating *Head* ng Community Engagement at External Relations Division ng Extension Services at dating *Deputy Consortium Director* ng STAARRDEC, na nagbigay ng mensahe hinggil sa pagsasaka at mga modernong pamamaraan. Pangunahing aktibidad ang pakikilahok ng bawat barangay upang kanilang maisulong ang mga produktong pang-agrikultura tulad ng paminta, kape, at kakaw. Dagdag pa, ito ay upang higit na maipakilala ang kanilang lokal na produkto tulad ng tilbok, atsara, at puto bumbong. Sa ginanap na patimpalak para sa *Best Booth*, nagsilbing hurado naman sina Bb. Lorna Aviñante, *Provincial Agriculturist* ng Office of the Provincial Agriculturist, Cavite, Bb. Revelyn Cortez, *Provincial Director* ng Department of Trade and Industry, Cavite, at G. Felix Joselito H. Noceda, *Agricultural Center Chief* ng Agricultural Program Coordinating Office, Cavite. Kabilang sa mga barangay na nakilahok: Kabulusan, Dalusag, Batas Dao, Lumipa, Castaños Cerca, Poblacion Dos at *Sundan sa p. 16*

Proyekto para sa Amuyong Elementary School, sinimulan na

Nina Jose Carlo R. Dizon & Paula Gie C. Ducusin

Sa pangunguna ni G. Jomelito F. Encabo, punongguro ng paaralang Elementarya ng Amuyong, nakipag-ugnayan ang nasabing paaralan sa Cavite State University (CvSU) noong Disyembre 2022, upang matulungan sila sa pagpapatupad ng mga proyekto at programa para sa kanilang mga guro, mag-aaral, at ng komunidad na kanilang kinabibilangan. Katuwang ang Extension Services (ES) sa pangunguna ni Dr. Almira G. Magcawas, *Director* ng ES, isinagawa ang magkasunod na *consultation meeting* sa buwan ng Enero na dinaluhan ng mga kinatawan mula sa nasabing paaralan, at mga piling kolehiyo ng CvSU: College of Engineering and Information Technology (CEIT), College of Agriculture, Food, Environment and Natural Resources (CAFENR), at College of Education (CEd). Dagdag pa, isinagawa noong ika-6 ng Pebrero ang *Rapid Community Assessment* upang higit na maunawaan at maiprayoridad ang mga kinakailangang tulong ng nasabing paaralan at ilan nga sa mga naitala ay ang mga sumusunod: *site development plan*, pagsasaayos ng mga daan para sa mga mayroong kapansanan at mga matatanda, pagpapalakas ng *internet connection*, kasanayan sa *technology-based learning* para sa mga guro, at pagsasaayos ng mga programa ng *computer*, *seminar* tungkol sa *values formation* ng mga mag aaral, at mga gawaing makatutulong upang linangin ang kakayanan sa pagkakakitaan o *livelihood training.*

Grupong litrato kasama ang mga kawani ng CvSU, mga guro, at mag-aaral ng Amuyong ES at sangguniang lingkod ng barangay at mga magulang

Kasunod nito ay ang *Focus Group Discussion* na dinaluhan ng mga guro, mag - aaral, magulang, at pati na rin kinatawan mula sa Sanguniang Barangay ng Amuyong, Alfonso, Cavite. Samantala, ang CvSU ay binubuo naman nina Engr. Jose Carlo R. Dizon, Engr. Richelle Mae Mendoza-Olpot, Engr. Cene Bago at Ms. Julie Ann Lontoc ng CEIT, G. John Vincent Caisip at G. Jefferson Mojica ng CAFENR, Bb. Lyneth Perez ng CEd, at Bb. Paula Gie C. Ducusin ng ES.

Sa kasalukuyan, binabalangkas na ng grupo nina Engr. Dizon ang *proposal* para sa implementasyon ng nasabing proyekto. Naging makabuluhan ang kanilang pagbisita upang higit na mapaunlad ang mga planong proyekto para sa Amuyong Elementary School.

Bailen's Trade Fair ... mula sa p. 15

Bb. Bernadette S. Amparo ng Extension Services kasama ang mga kawani ng mga partner na ahensya

Ilang kaganapan sa Bailen's Trade Fair 2023

Tres, kung saan itinanghal na Best Booth ang barangay Batas Dao. Samantala, nakibahagi rin sa aktibidad ang mga kooperatiba at asosasyon tulad ng The Bailen Souvenirs, Bailen Cacao Growers Association, Bailen Paminta Growers Association, Bailen Coffee Growers Association, Farmers Information and Technology Services of Municipal Agriculture Office, Municipal Cooperative Development Council, Yakap at Halik Multi-Purpose Cooperative, St. Joseph Multi-Purpose Cooperative, Nagkakaisang Kababaihan ng General Emilio Aguinaldo Multi-Purpose Cooperative (NAKAGEA), General Emilio Aguinaldo Kaunlaran Multi-Purpose Cooperative, General Emilio Aguinaldo Municipal Employees Multi-Purpose Cooperative at Hugs & Kisses 4H Club.

UGNAYAN
Tatlong Buwanang Lathalain ng Extension Services, Cavite State University, Indang, Cavite

Lupon ng Patnugutan

Tagapamahalang Patnugot
Emeliza T. Cruz

Katulong na Patnugot at Taga-anyo ng Pahina
Jassel Rochmel A. Parreño

Mga Kontribyutor
Racquel G. Agustin
Razelle A. Astudillo
Crisencio P. Austria Jr.
Ederlyn P. Destura
Jose Carlo R. Dizon
Paula Gie C. Ducusin
Joselito F. Ersando
Nancy M. Eugenio
Ivy Rose D. Faigane
Ma.Clarissa Galvan
Jennifer S. Ibayan
Hana D. Mahilum
Elvira P. Pakingan
Jhon Laurence B. Herrera

Puno, Publication and Communication Division
Dr. Alvin-William A. Alvarez

Mga Editoryal Konsultant
Dr. Agnes C. Francisco
Dr. Melbourne R. Talactac
Dr. Hernando D. Robles

Opisinang Pang-editoryal
Knowledge Management Center
Research CenterBldg.
Cavite State University
Indang, Cavite
Telepono ' (046) 862 1654
Email: renewsletter@cvsu.edu.ph